



Pinalawig ang pagsasara sa City Hall at mga pasilidad sa Brampton hanggang sa karagdagang abiso bilang tugon sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Marso 27, 2020) – Sa gabay ng Peel Public Health at para sa kalusugan ng ating mga residente at empleyado, ang City Hall at lahat ng iba pang mga pasilidad sa Lungsod ng Brampton ay mananatiling sarado hanggang sa karagdagang abiso para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Pagsasara ng mga Pasilidad ng Lungsod

Ang lahat ng pasilidad ng Lungsod kabilang ang City Hall, Panlibangan at Pangkomunidad na mga Sentro, at mga sangay ng Brampton Library ay isasara hanggang sa dagdag na abiso.

Ang 24-oras na lobby sa City Hall (malapit sa elevator, parking ticket machine at drop box para sa tseke) ay mananatiling bukas at madalas na imo-monitor.

Mga Event na Pinapatakbo ng Lungsod

Ang mga event na pinapatakbo ng Lungsod na nagaganap ay kinansela hanggang sa dagdag na abiso. Ang lahat ng komunidad na nagaganap sa mga pasilidad ng Lungsod ay kinansela din hanggang sa dagdag na abiso.

Programang sa Paglilibang

Kinansela ang lahat ng programa sa paglilibang at mga upa hanggang sa karagdagang abiso. Otomatikong ilalagay ang mga credit sa mga account. Mangyaring makipag-ugnayan sa reconnects@brampton.ca para sa karagdagang impormasyon.

The Rose Brampton

Ang lahat ng event na nakatakda sa Performing Arts Venues ng Brampton ay kinansela o ipinagpaliban. Bukod pa, ang nalalabi sa *The Rose Presents 2019-2020 season*, kabilang ang mga performance na magaganap sa Mayo, ay kinansela din o ipinagpaliban. Sarado sa publiko ang mga venue ng Performing Arts hanggang sa dagdag na abiso.

Para sa dagdag na impormasyon, pakibisita ang www.therosebrampton.ca or makipag-ugnayan sa Box Office sa pamamagitan ng email sa boxoffice@brampton.ca.

Mga Mahalagang Serbisyo

Ang lahat ng mahalagang serbisyo, kabilang ang Fire at Emergency Services, Brampton Transit, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations, POA Courts at Security Services ay magpapatuloy sa pagtakbo tulad ng dati para suportahan ang ating komunidad.



Sarado sa publiko ang Brampton Animal Shelter at ang pag-aampon at mga reclaim ay sa pamamagitan ng appointment lamang.

Ang mga Superbisor sa Administrasyon ng Korte ay nasa tanggapan sa loob ng limitadong bilang ng mga oras bawat araw para tumanggap ng filing mula sa mga Ahensyang Nagpapatupad ayon sa mga lehislatibong timeline. Mayroong drop box sa pangunahing pasukan sa pasilidad para sa layuning ito. Pwede rin ito para sa mga pampublikong filing kung kailangan.

Para makatulong sa pagprotekta sa kalusugan ng ating mga empleyado at residente, mas dinalasan ng Lungsod ang paglilinis at pag-disinfect sa mga matitigas na surface at mga upuan sa mga bus, mga pasilidad at mga terminal.

State of Emergency bilang tugon sa COVID-19

Noong Marso 24, kasunod ng pagkonsulta sa Konseho ng Lungsod at sa rekomendasyon ng Emergency Management Team ng Lungsod, idineklara ni Mayor Patrick Brown ang State of Emergency sa Lungsod ng Brampton ayon sa Emergency Management Plan ng Lungsod. Ang deklarasyong ito ay makakatulong sa patuloy na mga pagsisikap ng Lungsod sa tugon sa emergency sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng dagdag na flexibility at bilis habang kumikilos tayo para maiwasan ang mga epekto ng COVID-19.

Seryosong hinaharap ng Lungsod ng Brampton ang COVID-19 at patuloy na sumusunod na payo ng Peel Public Health. Makikita ang pinaka-up to date na impormasyon sa www.peelregion.ca/coronavirus. Patuloy na susubaybayan ng Lungsod ang sitwasyong ito at magbibigay ng mga update kapag available na ang dagdag na impormasyon. Para sa mga update, pakibisita ang www.brampton.ca/COVID19.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca